

PROGRAMA SA SARILING PAGPAPASYA



Alta California
Regional Center

WWW.ALTAREGIONAL.ORG/SELF-DETERMINATION-PROGRAM



WWW.DDS.CA.GOV/INITIATIVES/SDP/PROGRAM-DIRECTIVES/

Ang Programa sa Sariling Pagpapasya ay isang opsyonal, alternatibong paraan ng paghahatid ng serbisyo na nagbibigay sa mga kalahok ng oportunidad na magkaroon ng mas maraming kontrol sa pagbuo ng mga plano ng kanilang serbisyo at pagpili ng mga provider ng serbisyo para higit na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

1. ORIENTATION

Para magsimula, dapat kang dumalo sa mandatoryong orientation sa <https://scdd.ca.gov/sdp-orientation/>. Kapag nakumpleto na, ipapadala mo sa email ang iyong sertipiko ng pagkumpleto sa iyong Service Coordinator.

2. HIWALAY NA TAGAPANGASIWA

Ang isang Hiwalay na Tagapangasiwa ay isang opsyonal na miyembro ng koponan ng pagpapalano na maaaring magbigay ng mga suportang pinangangasiwaan ng iisang tao sa buong proseso ng SDP.

3. PLANONG NAKATUON SA TAO

Ang Planong Nakatuon sa Tao ay isang opsyonal na dokumento na ginagawa sa panahon ng pagpapasimula ng mga serbisyo ng SDP na tumutukoy sa mga talento ng tao, hadlang, kagustuhan, at mga layunin.

4. INDIBIDWAL NA BUDGET

Ang indibidwal na budget mo ay pondong magagamit upang bumili ng mga serbisyo at suporta batay sa pagtatasa ng mga pangangailangan tungo sa mga resulta ng IPP.

5. SERBISYO NG PANGANGASIWA SA PINANSIYAL

Ang lahat ng serbisyo at suportang tinukoy sa iyong plano ng paggastos ay direktang babayaran ng Serbisyo ng Pangangasiwa sa Pinansiyal (Financial Management Service, FMS), ang kinakailangang vendor na pinondohan ng Regional Center. Beberipikahin ng FMS na ang lahat ng provider ay sumusunod sa HCBS.

6. MGA PROVIDER NG SERBISYO

Sa SDP, pananagutan mong pumili, hanapin, at simulan ang paggamit ng mga serbisyo at suporta na naaprubahan na sa iyong plano ng paggastos. Ang mga provider na ito ay dapat na isama sa iyong Serbisyo ng Pangangasiwa sa Pinansiyal (Financial Management Service, FMS) para maglaan ng mga serbisyo at suporta.

7. PLANO NG PAGGASTOS

Tutukuyin ng iyong plano ng paggastos ang pinapahintulutang mga produkto at serbisyong pinopondohan ng iyong indibidwal na budget na susuporta sa mga pangangailangan at layunin na iyong tinalakay kasama ang iyong grupo sa pagpapalano.

8. PAG-ENROLL SA SDP

Sa oras na makumpleto mo na ang lahat ng hakbang sa proseso ng bago ang paglipat, kukumpirmahin mo ang petsa ng pagsisimula sa iyong tagapangasiwa ng FMS at serbisyo upang opisyal na 'simulan ang paglipat' sa SDP!

